



## Mga Sanggunian:



[National CMV foundation](#)



[CDC sa CMV](#)



[Congenital CMV](#)

# Ano ang CMV?

- Ang cytomegalovirus (sy-toe-MEG-a-low-vy-rus), o CMV, ay miyembro ng pamilya ng herpes virus. Ang pagkakalantad sa CMV virus ay pangkaraniwang pangyayari at karaniwang hindi nakakasama sa pangkalahatang populasyon.
- Ang CMV ay isang pangkaraniwan, malubha, at maiiwasang virus, ngunit 91% ng mga kababaihan ay hindi pa kailanman naririnig ang tungkol sa CMV.
- Ang CMV ay ikinakalat mula sa isang tao patungo sa isa pa sa pamamagitan ng kontak sa mga likido ng katawan, kabilang ang laway at ihi.
- Ang CMV ay nagdudulot ng malubhang sakit sa mga sanggol na nahawahan ng CMV habang nasa sinapupunan.
- Ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC) ay nag-uulat na sa pagitan ng 50 at 80% ng mga tao sa Estados Unidos ay nagkaroon ng impeksyon ng CMV pagdating ng 40 taong gulang.
- Kapag ang CMV virus ay nasa katawan ng isang tao, ito ay mananatili doon habang buhay.
- 1 sa 3 bata ay nahawahan na ng CMV bago ang edad na 5. Ang CMV ay karaniwang hindi nakakapinsala sa mga batang ito, at karamihan ay hindi nagpapakita ng mga palatandaan o sintomas ng impeksiyon.
- Humigit-kumulang 90% ng lahat ng mga sanggol na nahawaan ng CMV bago isilang ay ipinanganak na walang mga sintomas ng virus; gayunpaman, ang natitirang 10% ay magkakaroon ng iba't ibang antas ng mga abnormalidad na mula sa banayad hanggang sa malala.
- Kung ikaw ay buntis at may CMV, ang virus sa iyong dugo ay maaaring tumawid sa iyong placenta at mahawahan ang iyong lumalaking sanggol.
- Mga isa sa bawat 200 sanggol ang ipinapanganak na may impeksyon ng congenital CMV, o cCMV.
- Mga isa sa limang sanggol na may impeksyon ng congenital CMV ay magkakaroon ng pangmatagalang problema sa kalusugan.
- Ang pagkawala ng pandinig ay karaniwan sa mga sanggol na may congenital CMV, kahit na ang mga walang sintomas nang isilang.
- Ang lumalalang pagkawala ng pandinig ay karaniwan sa mga sanggol na ipinanganak na may congenital CMV (cCMV). Ang mga sanggol na may cCMV ay maaaring magkaroon ng pagkawala ng pandinig sa isang tainga at sa kalaunan ay maaaring magkaroon ng pagkawala ng pandinig sa kabilang tainga. Ang paglala ay maaaring mangyari sa pagkabata.
- Ang pag-diagnose, paggamot, at pagsubaybay sa mga bata na may congenital CMV ay maaaring makatulong na mapabuti ang kanilang mga resulta sa kalusugan.